

EDITORIAL

Labanan ang pagsubasta ni Duterte sa patrimonyang yaman ng Pilipinas sa mga imperyalista

Patuloy na nagdarahop ang mamamayang Pilipino sa pagsubasta ni Duterte ng patrimonyang yaman ng Pilipinas sa mga imperyalista. Inamyendahan at pinatibay ng rehimen ang mga neoliberal na polisiya para higit na kumita ang mga dayuhang mangangamkam kasabwat ang malalaking burgesya komprador at panginoong maylupa sa kapinsalaan ng mamamayan ngayong pandemya.


Ngayong 2022, tutungo na sa ikasiyam na linggo ang pagsirit ng presyo ng mga produktong petrolyo. Iniluwal nito ang pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin kung saan naitala noong Enero ang 3% implasyon. Dagdag pahirap dito ang mga neoliberal na patakarang Oil Deregulation Law, TRAIN Law at paniningil ng *value added tax* (VAT) at *expanded VAT*. Nagbigay-daan ito sa malalaking kumpanya ng langis na manghuthot ng tubo mula sa mamamayan na kumakaharap pa sa kawalan ng trabaho at mababang sahod ngayong pandemya.

Paulit-ulit na binibigyang-luwag ng rehimen ang importasyon ng produktong pang-agrikultura bilang solusyon sa walang-tigil na pagtaas ng presyo ng mga bilihin at pinalalabas na kakapusan sa suplay ng mga produktong agrikultural. Ngayong buwan, pinipilit ng rehimen na mag-angat ng asukal bilang solusyon sa pagtaas ng presyo nito. Nais nilang bawasan ng 50% ang taripa sa mga produktong agrikultural at ibaba sa 64,050 metriko tonelada ang *minimum access volume* ng pulang asukal. Pumapabor ito sa mga negosyante ng mga kumpanya sa pagkain at inumin at *industrial users* ng asukal dahil makakatipid sila sa gastusin. Samantala, ireresulta nito ang pambabarat sa presyo ng tubó at asukal na hahantong sa kagutuman at matinding pagpapahirap sa mga magtutubó, laluna sa Timog Katagalugan kung saan may 20,000 ektaryang tubuhan, pinakamalawak sa lalawigan ng Batangas.

Hungkag namang ginagamit ng rehimeng Duterte ang palusot na “pagbabangon” ng sadsad na ekonomiya ngayong pandemya sa pagbibigay-daan sa iba pang neoliberal na patakaran sa bansa. Bago matapos ang 2021, tiniyak ni Duterte na maamyendahan ng Senado ang Public Service Act na nagpapahintulot sa 100% pagmamay-ari ng mga dayuhan sa pampublikong serbisyo (mga kumpanya ng telekomunikasyon, *air carriers*, *domestic shipping* at transportasyon sa mga riles at *subway*). Kasabay nito, ipinasa rin ng Senado ang Senate Bill 1156 na pag-amyenda sa Foreign Investments Act of 1991 para sa higit pang pagpapapasok ng mas maraming dayuhang mamumuhunan. Ang mga batas na ito ay tahasang pagbalewala sa mga

restriksyong nakasaad sa reaksyunaryong konstitusyong 1987 na naglilimita sa 40% na pwedeng pagmay-arian ng mga dayuhang negosyante sa pampublikong utilidad (serbisyo ng kuryente at tubig, paliparan, daungan at pampublikong transportasyon) sa layuning protektahan ang soberanong karapatan dito ng mga Pilipino.

Pinatutunayan lamang nito kung gaano kataksil si Duterte para ipagkaloob ang patrimonyang yaman ng bansa sa mga imperyalista. Inutil din ang rehimen sa panghihimasok ng China sa mga teritoryong pag-aari ng bansa sa West Philippine Sea (WPS). Mayroon itong 11 bilyong bariles ng langis, 190 trilyong talampakan ng natural gas at 10 porsyento ng rekursong pangisda (*fishing resources*) na napakalaking potensyal sa pagpapaunlad ng sarili nating industriya sa enerhiya at pagkain. Kunwang ipinapanukala pa ng rehimen ang 60-40 hatian sa eksplorasyon sa rehiyon pabor sa Pilipinas



NILALAMAN

- 1 *Labanan ang pagsubasta ni Duterte sa patrimonyang yaman ng Pilipinas sa mga imperyalista*
- 3 *BHB-Rizal, inatake ang nag-ooperasyong 80th IBPA*
- 4 *Mga tunay na lingkod-bayan: Sina Recto, Diokno at Tañada*
- 6 *Tugon ni PdG: Paano kinokontrol ng US ang eleksyon sa Pilipinas?*
- 8 *Pinaigting na FMO sa TK ng desperadong AFP-PNP*
- 9 *#NeverAgain: Mga pag-aalsang bayan at ang pagpapabagsak sa diktadurang Marcos*
- 11 *Protesta ng TK para igiit ang diskwalipikasyon ni BBM*
- 12 *Protesta sa Myanmar sa anibersaryo ng kudeta ng hunta*
- 13 *Mga magsasaka ng Lupang Kapdula, hinaras ng NTF-ELCAC*
- 13 *Marahas na pagpapalayas sa mga residente ng Avatex, Rizal*
- 13 *Kultura: Liham sa Mahal na Kasama at Anak*

Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.

Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:



st.kalatas@gmail.com



balikwastk.wordpress.com

na tiyak na di pahihintulutan ng China laluna't nakapakat na ang mga base militar ng China sa ilang isla at bahura ng WPS at bigong mapaalis ni makalapit ang AFP dito. Isa pa, ilang taon nang ginawang kolateral ni Duterte ang ilang isla sa WPS kapalit ng mga utang niya sa China sa kanyang proyektong Build, Build, Build kabilang ang Kaliwa Dam Project sa Quezon.

Pinakabagong pagpapakitang gilas at pagpapakatuta ni Duterte sa mga among imperyalista ang pag-alis ng restriksyon sa *open-pit mining* ng *copper, gold, silver* at *complex ores* matapos ang apat na taong pagbabawal nito dahil sa kautusan ng DENR sa pangunguna ni Sec. Gina Lopez noong 2017. Mas maaga pang ibinasura ni Duterte noong Abril 2021 ang siyam na taong *moratorium* sa pagbibigay ng bagong mga *mining permits* sa Pilipinas para diumano sa dagdag na kita at upang mabilis na makabawi ang ekonomya mula sa pandemya. Pinadadali nito ang pagpasok at pagpayag sa di bababa sa 291 na mga aplikasyon sa pagmimina na magpapalala ng kapinsalaan sa kalikasan.

Pumapalakpak ang mga dayuhang kumpanya ng mina dahil muli silang makakapandambong sa likas na yaman ng bansa. Kasabwat ang reaksyunaryong gubyerno, naglalaway sila sa tinatayang \$2 bilyong kita sa mga proyektong mina sa susunod na lima hanggang anim na taon. Kulang sa 30 milyong ektarya ng Pilipinas ang natukoy na may mataas na potensyal ng mineral (*high mineral potential*) at 5% pa lamang nito ang namimina. Labis na panganib ang idudulot ng *open-pit mining* sa kalikasan, sa buhay at kabuhayan ng mamamayan. Tiyak na kakaharapin din ito ng malawak na mamamayan ng Timog Katagalugan lalo't may mayamang deposito rito ng *carbon, nickel, ginto* at iba pang mineral kabilang ang *natural gas*.

Sa Occidental Mindoro pa lamang, matatagpuan ang 453,400 tonelada ng *rockmass deposits*. Nakapakat na ang mga kampo at detachment ng 4th IBPA at 76th IBPA sa ilalim ng pasistang 203rd Brigade sa mga lupang may mayamang deposito ng mineral para magsilbing bantay sa tinatayang pagpasok muli ng mga operasyong mina at mandahas sa mga tututol na mamamayan. Inilalatag ng mga operasyong militar ang mga kondisyon para makapasok ang mga dayuhan at lokal na magmimina at para supilin ang anumang pagtutol ng mga Mindoreño.

Sa Palawan, nagdiriwang ang mga kumpanyang Berong Nickel Mining Corp sa Brgy. Berong, Quezon; Citinikel Mining Corp. sa Brgy. Maasin, Brooke's Point; Ipilan Nickel Mining Corp. sa Brgy. Ipilan, Brooke's Point; Riotuba Nickel Mining Corp. sa Brgy. Riotuba, Bataraza at iba pa sa pagpapahintulot ng *open-pit mining*. Noong Hunyo 2021, pinaboran pa ng Ombudsman ang Ipilan Nickel Mining Corp. dahil hinusgahan ng ahensya na maysala si Brooke's Point Mayor Jean Feliciano sa paggamit ng awtoridad para sirain ang mga kagamitang pangmina ng naturang kumpanya. Tiyak na lalupang magiging madulas ang aplikasyon ng pagmimina sa isla lalo't batid ng mga kumpanya ng mina na kakampi nila ang gubyernong Duterte, maging ang lokal na gubyerno sa pamumuno ni Alvarez.

Winawasak ng pagmimina ang kalikasan at kabuhayan ng mga magsasaka at katutubo. Buhay na patunay rito ang pinsalang iniwan ng Marcopper Mining sa Marinduque na sumira ng kalikasan, buhay at ari-arian ng mga residente ng limang barangay sa Mt. Tapan. May higit-kumulang 22,500 populasyon ang nawalan ng kabuhayan at nagkaroon ng mga sakit sa lasong iniwan ng mina. Napilitang lumikas din ang mga residente sa 60 karatig na baryo dahil sa layo ng inabot ng lason.



Kakambal ng mga kumpanyang mina ang militarisasyon sa kanayunan. Pinopondohan ng rehimen, dayuhang negosyante at burgesya kumprador ang AFP-PNP para protektahan ang kanilang mga negosyo at lipulin ang BHB. Pinatindi ng Western Command (WESCOM) at Joint Campaign Plan-Peacock ang mga operasyong militar at pulis nito sa Palawan. Idinirehe nila ang buong pwersa at ginamit ang buong rekursu sa pagtugis sa rebolusyonaryong kilusan sa isla. Magiting itong hinaharap ng BHB-Palawan at mga Palaweño na nagpupunyagi sa harap ng teror na inihahasik sa isla. Malaking karuwagan naman ang ipinakita ng 203rd Brigade sa Mindoro na naghudyat ng kanilang operasyong militar sa hangganan ng Bongabong, Oriental Mindoro at San Jose, Occidental Mindoro ng walang puknat na pambobomba, panganganyon at pag-iistraping noong Pebrero 26.

Lalong ihahatid ng rehimeng Duterte sa kumunoy ng kahirapan ang Pilipinas sa pagpapatupad nito ng mga neoliberal na patakaran. Kinukondena siya ng malawak na sambayanan sa kataksilan at pagsusubasta niya sa yaman ng bansa sa mga imperyalista. Hindi na dapat pahintulutan ng mamamayan na umiral pa ang mga neoliberal na polisiyang pumapabor lamang sa mga imperyalista. Dapat paigtingin ang anti-imperyalistang kampanya laban sa neoliberal na polisiya hanggang sa maibasura ito.

Bahagi ng kabuuang pagpapanatili ng mga maka-imperyalistang mga patakaran na ito ay pagluluklok ng mga pasista at berdugo sa Malacañang at itulak ito na gumamit ng dahas para supilin ang pakikibaka ng mamamayan. Kaugnay nito, nararapat pigilan ang pakana ng alyansang Marcos-Arroyo-Duterte sa eleksiyong 2022. Sa pagkakaluklok ng paksyong ito, tiyak na ipagpapatuloy nila ang mga neoliberal na patakran at palalalain ang kalagayan ng lipunang Pilipino.

Paigtingin ang armadong pakikibaka sa kanayunan. Parusahan ang mga mapaminsalang kumpanya ng mina at iba pang proyektong pumipinsala sa buhay at ari-arian ng mamamayan. Ipagtanggol ang mamamayang Pilipino mula sa terorismo ng estado.

Kailangang magkaisa ang mamamayang Pilipino sa pagtataguyod ng kanilang soberanong karapatan at pangangalaga sa patrimonyang yaman ng Pilipinas. Isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon na naglalayong palayain ang bayan sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Sa pagsugpo ng ugat ng kahirapan, itatayo ang demokratikong gubyernong bayan na magtitiyak at mangangalaga sa interes ng mamamayan at magluluwal ng masaganang lipunan. ☒

BHB-Rizal, inatake ang nag-ooperasyong 80th IBPA

Inatake ng isang tim ng Narciso Antazo-Aramil Command (NAAC)-BHB Rizal ang isang kumpanya ng nag-ooperasyong 80th IBPA sa Sityo Anginan, Brgy. San Mateo, Norzagaray, Bulacan noong Pebrero 12, bandang 7:20 ng gabi. Napinsala ang mga pasista habang ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma.

Ang 80th IBPA ay nagsisilbing bantay sa 2,000 ektaryang lupa ni Manny Villar sa Brgy. Puray ng Rodriguez at karatig na Sityo Anginan. Sa tulong ng mamamayan, matiyagang sinubaybayan ng BHB ang galaw ng nag-ooperasyong kaaway upang malapitan nang dalawang dipa hanggang mabira sa kanilang kampuhan sa Sityo Anginan.

Ayon kay Macario "Ka Karyo" Liwanag, tagapagsalita ng BHB Rizal, "Pagtugon ito sa daing ng mga Rizaleño at katutubong Dumagat na parusahan ang berdugong 80th IBPA at ipagtanggol ang kanilang lupa. Malaki ang naging tulong ng mga Rizaleño sa aktibong pagbibigay ng impormasyon upang maging matagumpay ang opensiba."

Ang naturang lupa ay kinamkam mula sa mga magsasaka ng pinakamayamang burgesya komprador-panginoong malyupa at kroni ni Duterte na si Manny Villar upang gawing *subdivision*. Winawasak din ng proyektong ito ang kalikasan at mga kabundukan sa hangganan ng Rodriguez at Antipolo, Rizal at Norzagaray, Bulacan.

Pagtatapos ni Ka Karyo, "Aasahan ng mga Rizaleño na titindi pa ang mga operasyong militar sa lugar upang magbigay seguridad sa mga proyektong ito; subalit laging nakahanda ang BHB-Rizal na biguin ang anumang proyekto na magsasapanganib sa interes ng mamamayan at papapanagutin ang berdugong 80th IBPA sa panunupil nito." ☒



Mga tunay na lingkod-bayan: Sina Recto, Diokno at Tañada at ang kanilang makabayang adhikain para sa mamamayang Pilipino

Walang Pilipinong nagmamahal sa kanyang bayan ang papabor sa pananatili ng mga base militar ng US sa bansa.

— Lorenzo “Ka Tanny” Tañada

Sina Recto, Diokno at Tañada ay nabuhay sa panahong hindi nalalayo sa kinalalagyan nating sitwasyon sa kasalukuyan—kapanahunan ng paghahari ng reaksyon kung saan ang bansang Pilipinas ay nananatiling nakagapos sa tanikala ng pagkaalipin ng dayuhang imperyalistang bansa. Ang kanilang ipinamalas na katapangan, patriotismo, pagtataguyod sa demokratikong interes ng mamamayang api, at pagsalunga sa agos ng reaksyon at malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan ay kuminang at nagsilbing inspirasyon lagpas pa sa kanilang henerasyon at kapanahunan.

Kabilang sila sa mga nakatataas na uri sa burukrasya na nagbigay ng karampatang pansin sa mga pundamental na suliranin ng lipunang Pilipino—ang imperyalismo, pasismo ng estado at burukrata-kapitalismo. Ginamit nila ang kanilang pusisyon sa gubyrno hindi para mangulimbat ng pondo ng bayan o maging tiwaling mga opisyal kundi upang ilantad at tuligsain ang maling pamamalakad nito at pinsalang hatid nito sa mamamayang Pilipino. Sa maikling salita, kabilang sila sa mga makabayan at progresibong pulitiko na tumindig hindi para sa interes ng imperyalismo at naghaharing-uri kundi sa interes ng higit na nakararaming masang api at pinagsasamantalahan.

Sina Recto at Tañada at ang nasyunalismo sa panahon ng dekada ‘50

Si Claro M. Recto ang isa sa masugid na anti-imperyalismo at tagapagtanggol ng nasyunalismong Pilipino sa kanyang panahon. Nabuhay siya sa panahon na ang bayang Pilipinas ay sinaklot ng



kolonyalismong US at kabilang sa mga makabayang Pilipinong nagnais ng kalayaan. Naging mambabatas siya at presidente ng binuong *constitutional convention* na ipinadala ng gubyrnong komonwelt sa US para buuin ang kauna-unahang konstitusyon ng bansa, ang Konstitusyong 1935. Ito ang isa sa mga nagsilbing panimulang mga paghahanda para sa “paghihiwalay” ng Pilipinas sa US bilang isang nagsasariling bansa sang-ayon sa Tydings McDuffie Act.

Bilang senador, tinutulan niya ang mga tagibang na patakaran at kasunduan sa pagitan ng US at Pilipinas kabilang ang US-RP Military Bases Agreement, Mutual Defense Treaty, Laurel Langley Act at Tydings Rehabilitation Act. Isinulong niya kasama ang iba pang makabayang senador ang Rizal Bill na naglagay sa dalawang mayor na akda ng bayaning si Jose Rizal (Noli Me Tangere at El Filibusterismo) sa kurikulum ng Pilipinas sa *high school* upang pukawin at pandayin sa mga kabataang Pilipino ang diwang makabayan.

Lantaran niyang isinisigaw ang pambansang industriyalisasyon at ang nasyunalismo sa larangan ng ekonomya. Gayunmang kinilala natin ang kaisipan ni Recto, hindi tayo nagpalimita dito dahil nabigo si Recto na kilalanin ang pangangailangan ng katugong rebolusyong agraryo at ang mobilisasyon ng uring magsasaka bilang pangunahing pwersa ng pambansang demokratikong pakikibaka. Ang pwersang ito ang panlaban sa imperyalismong US at lokal na mga reaksyunaryo at magbubuklod sa mga progresibong uri upang makabuo ng isang pambansang prente laban sa mga nabanggit.

Nakatuwang ni Recto ang isang kaibigan at kapwa mambabatas na si Lorenzo Tañada Sr. sa pagsusulong ng anti-imperyalismo at makabayang mga adhikain.

Si Lorenzo Tañada Sr. ang tinaguriang “Grand old man of Philippine politics” na nagpamalas ng konsistenteng paninindigan laban sa imperyalismo, diktadura, katiwalian ng mga opisyal ng gubyrno at itinaguyod ang

demokratikong interes ng higit na nakararaming Pilipino. Si Lorenzo Tañada Sr. o mas nakilala bilang Ka Tanny ang pinakamatagal na nagsilbing senador sa bansa (24 na taon mula 1947 hanggang 1971). Popular din siya bilang “*graft buster*” ng mga korap sa gubyrerno.

Sa panahon ng pananalakay ng pasistang Japan sa bansa, hindi niya inalintana ang risgo sa kanyang buhay at gumampan ng mga tungkuling *underground* para labanan ito. Nilabanan niya at nagsilbi siya bilang pangunahing taga-usig sa mga Japanese *collaborators*. Tuluy-tuloy ang kanyang makabayang paninindigan hanggang maluklok si Marcos bilang pangulo ng bansa.

Sinuportahan niya ang noo’y nagbabangong pambansa-demokratikong kilusan at siya ang nagbigay ng susing pananalita sa unang pambansang kongreso ng Kabataang Makabayan noong 1964. Nakatuwang siya nina Ka Joma Sison sa pagtatatag ng Movement for the Advancement of Nationalism (MAN) noong 1966 at naging tagapangulo nito. Nilabanan niya ang pananatili ng mga base militar ng US sa bansa, ang Martial Law at ang pasistang diktadurang Marcos.

Sina Ka Tanny at Ka Pepe, sa unahan ng paglaban sa diktadurang Marcos

Matapos magpahinga sa pulitika noong 1971, nagtungo sa lansangan si Ka Tanny at nakabilang sa unahan ng dakilang pakikibaka ng mamamayan laban sa diktadurang US-Marcos kaya itinuring siyang lider ng parlamento ng lansangan. Nakaisa siya ng maraming Pilipino sa paghahangad ng pambansang demokrasya laban sa tiranya at diktadura ni Marcos. Pinangunahan niya ang ilang organisasyon at alyansa laban sa diktadura tulad ng Justice for Aquino, Justice for All (JAJA) na itinatag noong 1983 at ang Nationalist Alliance for Justice and Peace (NAJFD) at ang Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)

nang itatag ito noong 1985. Naging isang mahigpit na kapanalig siya ng pambansa-demokratikong kilusan sa Pilipinas at instrumental sa pagtitipon ng pinakamaraming demokratikong pwersa laban sa diktadura.

Bago ito, itinatag nina Ka Tanny, kasama sina Jose “Ka Pepe” Diokno at Joker Arroyo, ang Free Legal Assistance Group (FLAG) at Mabini Lawyers para ipagtanggol ang mga iligal na inaaresto at ikinukulong ng diktadura. Magkasama rin nilang itinatag ang Anti-Bases Coalition, isang alyansa para isulong ang pagpapalayas sa mga base militar ng US sa Pilipinas.

Si Ka Pepe ay nagmula sa patriotikong pamilya. Ang kanyang lolo ay isang katipunerong lumaban sa kolonyalistang Espanyol habang ang kanyang ama ay kilala ring isang makabayang pulitiko sa kanyang panahon. Kapartido niya si Marcos sa Nacionalista Party pero maingay siyang kritiko ng mga patakaran nito hanggang sa kusang-loob na tumiwalag sa partido nang ideklara ni Marcos ang suspensyon ng *writ of habeas corpus* noong 1971 at sumama sa mga protesta. Kaya nang ipataw ang Martial Law noong 1972 ay isa siya sa mga unang ipinaaresto ni Marcos kasama ni Benigno “Ninoy” Aquino, Jr. at apat na taong ipiniit nang walang kaso.

Bago ito, naipamalas na ni Diokno ang pagiging anti-imperyalista at anti-korap nang inilantad niya ang maanomalyang kasunduan sa pagitan isang malaking kumpanya ng US at ilang mga opisyal ng gubyrerno ng Pilipinas nang siya’y nagsisilbi pa bilang Justice *secretary* ng rehimeng Diosdado Macapagal noong 1968. Resulta nito, pinatalsik siya sa pwesto.

Sina Recto, Ka Tanny at Ka Pepe ay itinuturing ng marami bilang mga haligi ng nasyunalismong Pilipino. Buong pagsisikap at walang-kimi nilang ipinagtanggol ang soberanya at teritoryal na integridad ng bansa laban sa panghihimasok ng US sa iba’t ibang

larangan. Tinuligsa nila ang mga reaksyunaryong nagpapakatuta sa imperyalismo at ginagamit ang pusisyon sa gubyrerno para higit na pagsamantalahan ang taumbayan.

Nilampasan pa ni Ka Tanny ang nasyunalismong impluwensya ni Recto nang niyakap niya ang demokratikong pakikibaka ng mamamayang Pilipino. Hindi siya tumigil hangga’t hindi nila nakikita ang mga bunga ng kanilang pagsisikap. Namatay si Ka Tanny ilang buwan matapos aprubahan ng senado sa ilalim ng rehimeng Corazon Aquino ang pagpapawalambisa sa US-RP Military Bases Agreement na nagpalayas sa mga tropang militar ng US sa bansa noong 1992.

Sila ang mga huwaran at mga tunay na lingkod-bayan na dapat dakilain ng mamamayang Pilipino. Dapat silang tularan ng sinumang nag-aambisyon maging lider ng bansang Pilipinas. Ngayong ang bansa ay nahaharap sa isang nag-aastang diktador at may panganib ng panunumbalik ng pamilya ng dating diktador na nilabanan nila Tañada at Diokno, dapat taglayin ng mamamayang Pilipino ang katatagan at konsistenteng paninindigang ipinamalas nina Recto, Tañada at Diokno laban sa imperyalismo, pasismo at ni Ka Tanny laban sa pyudalismo.

Mahaba, mahirap at masalimuot ang landas sa pagkakamit ng pambansang demokrasya sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan at kalauna’y paglalatatag ng sosyalismo sa Pilipinas, ngunit ang mga pagsisikap na ito’y di mauuwi sa wala dahil malinaw na ang ating patutunguha’y isang lipunang ganap na malaya, masagana at makatarungan. Tulad ng tinuran ni Ka Pepe Diokno noong Marso 4, 1982, “Ang rebolusyon ay maaaring maging huling paraan subalit ito ay ultimong karapatan ng bawat mamamayan. Ito ay magiging isang mahaba at mahirap na tungkulin at labis na mapanganib subalit sukdulang mabigat kung hindi ito isusulong.” ☐

Paano kinokontrol ng imperyalismong US ang reaksyunaryong eleksyon sa Pilipinas?

Mahalagang komponente at bahagi ng kabuuang dominasyon ng imperyalismong US sa ekonomya, pulitika, kultura at militar ng Pilipinas ang pagkontrol at manipulasyon nito sa reaksyunaryong eleksyon. Para maisakatuparan ito, nagsanay ang US ng hene-henerasyon ng mga papet at tuta niya na nagmumula sa hanay ng mga lokal na naghaharing uri ng malalaking burgesya komprador at panginoong maylupa. Ginagamit ng US ang reaksyunaryong eleksyon bilang mabisang instrumento upang iluklok ang kanyang mga tuta na sunud-sunurang magpapatupad ng kanyang plano at patakaran sa kanyang kumpas habang binibigyan ng ilusyon ang mamamayang Pilipino ng demokrasya at sariling representasyon sa gubyrerno.

Nang itatag ng imperyalismong US ang kolonyal na paghahari sa Pilipinas, kinasabwat nito ang mga taksil ng rebolusyong Pilipino sa pangunguna ni Emilio Aguinaldo na nagsisilbing mga burukrata kapitalista at naghaharing dinastiyang pulitikal hanggang sa kasalukuyan. Binigyan sila ng imperyalismong US ng mga pabuya at mga pribilehiyo kabilang ang malayang pangungulimbat sa kaban ng bayan, pagkopo sa malalawak na lupain at susing mga negosyo upang higit na magpayaman. Kapalit ng pagiging sunud-sunuran ng mga ito ang pagsasabatas ng mga di-pantay na patakaran upang gawing ligal ang tahasang pagyurak sa soberanya ng bansa ng US, paghuhuthot ng likas na yaman, pagpapanatili ng pampulitikang impluwensya at pagtatayo ng mga base militar nito sa mga estratehikong lugar sa bansa.

Ang halalan sa kolonyal na gubyrerno ng Pilipinas

Nang ideklara ng imperyalismong US noong 1907 ang unang pambansang eleksyon para sa papet na Asembleya ng Pilipinas, naglaban ang Partido Federal at Partido Nacionalista para sa pinakamataas na posisyon ng tutang Pilipino sa panahon ng kolonyalismo. Walang problema sa US kung alinman ang manalong Partido dahil pareho itong pinamumunuan ng mga taksil na Pilipinong sunud-sunuran sa kanilang interes. Nanalo ang Partido Nacionalista na binuo nina Sergio Osmeña at Manuel Quezon at sila ang naging bagong papet ng

imperyalismong US mula sa dating pinaborang Partido Federal.

Nanatiling pinakamataas na pinunong papet si Osmeña mula 1907 hanggang 1922. Naging unang presidente siya ng Asembleya ng Pilipinas at ispiker ng Kamara ng mga Representante. Nakapanatili siya dahil sa pagiging sunud-sunuran sa mga Amerikano.

Noong 1915, dumami ang mga pinunong Pilipino sa Komisyon ng Pilipinas na ipinagmalaki ng US bilang “Pilipinisasyon” ng kolonyal na gubyrerno. Kasingkahulugan lamang ito na marami na silang nasanay na papet para mangasiwa sa ngalan ng interes ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing uri. Noong 1916, isinabatas ng US ang Batas sa Awtonomya ng Pilipinas na bumuwag sa Komisyon ng Pilipinas at ipinalit ang Senado ng Pilipinas. Ginawa namang Kamara ng mga Representante ang Asembleya ng Pilipinas. Sa pamamagitan nito, unti-unting nagkakaroon ng transisyon ng “pagpapalit” ng gubyrerno mula sa pamumuno ng mga burukratang Amerikano tungo sa mga Pilipino.

Hindi naging problema sa imperyalismong US ang ribalan nina Osmeña at Quezon sa pwesto lalo’t pareho silang papet. Noong 1922, nahalal si Quezon bilang presidente ng Senado, ang pinakamataas at pinakabagong pinunong papet ng US sa kolonyal na gubyrerno. Sinanay siya ng imperyalismong US para linlangin ang mamamayan. Nagpanggap siyang naghahangad ng independensya at tumututol sa

mabagal na proseso ng pagkakaloob nito ng US. Noong 1926, binuo niya ang Kataas-taasang Pambansang Konseho at naglikom ng suporta sa mga hindi kapartido para sa kanyang papet na liderato.

Noong 1934, nangamba si Quezon na maagaw nina Osmeña at Manuel Roxas ang pagiging pangunahing papet ng US kaya nakipag-usap siya sa huli para makipagtawaran at manatili sa pinakatuktok ng papet na gubyrerno. Iniluwal nito ang Batas Tydings-McDuffie at ginamit itong tuntungan ni Quezon upang maging unang presidente ng papet na gubyrernong Komonwelt.

Sa Batas Tydings-McDuffie, binalangkas ang konstitusyon na inaprubahan ng US at itinatag ang gubyrernong Komonwelt noong 1934. Nakasaad dito na ipagkakaloob ng imperyalismong US ang ganap na “independensya” sa huwad na republika makalipas ang sampung taon matapos mapagtibay ang konstitusyon. Minanipula ng US ang Kumbensyong Konstitusyonal noong 1935 sa tulong ng malalaking burgesya komprador at panginoong maylupa upang masiguro na mananatili ang pribilehiyo ng mga imperyalista sa bansa kagaya ng pagkakaroon ng ari-arian, pagtatayo ng mga base militar, di-pantay na mga kasunduan sa kalakalan at iba pa.

Sa pagpasok ng ikalawang digmaang pandaigdig, pansamantalang iniwan ng US ang Pilipinas at bumalik na lamang matapos mapalayas ang pwersang Hapones sa bansa. Tulad

ng nakaraan, nakuha nito ang katapatan ng mga rebolusyonaryong taksil at balimbing na mga lokal na naghaharing-uri.

Panunumbalik ng US at pagtatag ng papet na republika

Noong Hulyo 4, 1946, ibinigay ng imperyalismong US ang huwad na kalayaan sa Pilipinas sa takot nitong sisiklab ang pakikidigmang bayan kung ipagpapatuloy ng US ang direktang pangngolonya. Sa ilalim ng papet na republika, ipinatupad ang hindi direktang paghahari ng imperyalismong US sa bansa na nagluwal sa lipunang malakolonyal at malapyudal. Nagdikta ito ng mga kasunduan na pumapabor sa imperyalistang hangarin nito sa Pilipinas at rehiyong Asya-Pasipiko.

Ibinuhos ng imperyalismong US ang malaking suportang pinansya at propaganda sa kampanya ng mga hinihirang nitong bagong papet kada eleksyon upang maipagpatuloy ang kontrol nito sa Pilipinas. Binigyang-pahintulot nito ang pagbubuo ng mga bagong partido ng mga lokal na naghaharing uri kagaya ng pagbubuo ng Partido Liberal ni Roxas noong 1946. Si Roxas ang nagsilbing huling presidente ng papet na gubyernong Komonwelt (Abril 1946) at unang presidente ng papet na republika ng Pilipinas sa proklamasyon ng huwad na kalayaan.

Nanatili ang manipulasyon sa eleksyon habang kasabay na

pinananatili ang ilusyon ng burges na demokrasya sa Pilipinas. Sa pamamagitan ng kanilang mga tagapagtanggol at propagandista, pinangangalandakan nila na ang halalan ang tanging paraan at landas para sa pagbabago at pagtupad sa mga kahilingan ng taumbayan at ganundin bilang pinakamataas na anyo ng demokrasya sa bansa. Isang ilusyon na patuloy nilang tinatanim sa kamalayan at sikolohiya ng mamamayang Pilipino. Subalit itinatago nila ang katotohanan na ang mga halalan sa balangkas ng malakolonyal at malapyudal na lipunan ay anti-demokratiko at reaksyunaryo sa saligan. Ginagamit lamang nila ang taumbayan sa tuwing may halalan upang palitan ang isang paksyon na nasa kapangyarihan ng isa pang paksyon ng naghaharing uri na lilitaw na mas gahaman, korap, pasista at sunud-sunuran sa dikta at imposisyon ng imperyalismong US kaysa sa kanilang pinalitan.

Sa kabilang banda, laging nakahanda ang US na suportahan ang lantarang pasistang pamumuno kagaya ng Martial Law ni Marcos sa panahong hindi na sila makapaghari sa dating pamamaraan. Tinutulungan nito ang mga papet na guberno na gumamit ng dahas at iba't ibang porma ng panlilinlang sa mamamayan para tiyaking umaayon sa interes nito ang programa ng mga iniluklok na papet. Ganunpaman, lagi rin silang may nakahandang reserbang

tao para ipampalit sakaling ang kanilang pangunahing tuta ay labis nang nahihawalay sa taumbayan at nagiging sanhi ng mabilis na paglakas ng rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan.

Ginagamit ng imperyalismong US ang iba't ibang pamamaraan upang makapanghimasok sa mga internal na usapin ng Pilipinas. Malaki ang ginagampanang papel ng CIA at mga interbensiyong militar upang matiyak na maitatakda at masisigurong pabor sa US ang mga papet na estado. Kontrolado din nito ang mga lokal na pwersang militar upang magamit na banta sa pagkukudeta at pagbawi sa kapangyarihan kagaya ng ginawa kay Marcos noong 1986.

Sa darating na Mayo 2022, aasahan ang muling pakikialam ng imperyalismong US lalo't nangangamba ito sa ipinapakitang interes ng karibal nitong imperyalismong China sa Pilipinas. Bahagi ng panghihimasok ng US sa manipulasyon ng *automated elections* ang pagpasok ng kumpanya nitong PRO V & V na mamamahala sa *software management*¹ at *source code review*². Ito rin ang kumpanyang namahala sa *automated elections* noong 2019 nang maganap ang pagpalpak ng makina ng Smartmatic at ang *7-hour glitch* kung saan inilusot ni Duterte ang pagpapanalo sa karamihan ng kanyang sinusuportahang mga kandidato mula antas-senado hanggang lokal. Sa naganap na anomalya, nagpatuloy ang pagbibilang ng boto sa *central server* na hawak ng PRO V & V. Hindi rin pinahintulutan ang mga *technician* ng Smartmatic na makialam sa nagbarang *transparency server*.

Pinapatunayan ng malaon nang manipulasyon at kontrol ng imperyalismong US sa reaksyunaryong eleksyon sa Pilipinas ang pagiging huwad nito. Naging laro lamang ito ng mga naghaharing uri na nag-aagawan sa pagkuha ng basbas at suporta ng imperyalismong US, hindi ng taumbayan. Kaya naman sa dami ng nagpalit-palit na rehimen sa Pilipinas, walang saligang pagbabagong idinudulot ito sa antas ng kabuhayan ng



mamamayang Pilipino. Patuloy lamang na binubulok nito ang katangiang malakolonyal at malapyudal ng lipunang Pilipino na higit na nagsasadlak sa mamamayan sa ibayong krisis at pagdarahap.

Pinatunayan ng mahabang kasaysayan ng panghihimasok ng US sa Pilipinas na kinakailangan ang buong lakas na makibaka ang mamamayan upang palitan ang bulok na naghaharing sistema sa pamamagitan ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Dapat

ipagwagi ang rebolusyon upang maitayo ang tunay na gubyernong nagtataguyod sa interes ng mamamayang Pilipino. **K**

1 software management - pangangasiwa ng software na gagamitin, pag-iinstall at pagtitiyak na gumagana sa hardware

2 source code review - pagbusisi sa software at pagti-tsek kung paano ito gumagana

BANTAY KARAPATAN



Pinaigting na FMO sa TK ng desperadong AFP-PNP

Hibang na naghahabol ang AFP-PNP na makamit ang panibagong dedlayn ng rehimeng Duterte na malipol ang BHB sa katapusan ng termino nito sa Hunyo 2022. Sa Timog Katagalugan, pinaigting ng desperadong AFP-PNP-CAFGU ang mga *focused military operations* (FMO) nito na nagresulta sa pagdami at paglala ng mga kaso ng paglabag sa karapatang tao.

Mindoro. Walang pakundangang naglunsad ng panghimpapawid na pambobomba, panganganyon at istraping ang teroristang 203rd Brigade sa hangganan ng Bongabong, Oriental Mindoro at San Jose, Occidental Mindoro noong Pebrero 26.

Nagpalipad ang 203rd Brigade ng dalawang FA-50 *jet fighter* para magsagawa ng dalawang beses na *aerial bombardment* sa Brgy. Lisap, Bongabong at Brgy. Monteclaro, San Jose bandang 1:30 ng madaling araw. Pagsapit ng 5:00 ng umaga, pitong beses na kinanyon ang lugar na tumagal hanggang 6:30 ng umaga. Kasunod nito ang pagpapalipad ng dalawang Blackhawk *helicopter* bandang 7:00 hanggang 9:00 ng umaga para mag-istraping sa kabundukan bago maglapag ng kanilang pasistang pwersa.

Hanggang kinabukasan at sumunod na araw ay nagpatuloy pa ang paglipad at pag-istraping ng mga Blackhawk *helicopter* kaalinsabay ng pagbababa ng dagdag na tropa para sa FMO.

Tinatayang libu-libong katutubong Buhid at Bangon ang apektado sa pambobomba, panganganyon at istraping. Hindi lamang ito nagdudulot ng takot at teror sa kanila kundi matinding pinsala sa kanilang mga pananim.

Ayon kay Madaay Gasic, tagapagsalita ng Lucio de Guzman Command-BHB Mindoro, "Labis na kinasusuklanan ng mga Mindoreño at katutubong Mangyan ang ginawa ng pasistang AFP. Isang karuwagan ang paggamit ng mga bago at modernong kagamitang militar at itutok ang mga ito sa hindi armadong mamamayan. Pinapatunayan nitong nagsisilbi ang AFP sa interes ng mga dayuhang negosyante at burgesya komprador na naghahangad na palayasin ang mga Mindoreño at katutubong Mangyan para ilusot ang mga mapaminsalang proyekto sa lugar."

Quezon. Binuksan ng 1st IBPA ang 2022 sa paglulunsad ng FMO sa mga barangay Kiloloron, Capalong, Tiguan, Tagumpay, Tanauan, Bagong Silang, Maragondon at Llavac sa Real upang tiyakin ang pagrarratsada sa anti-mamamayang proyektong Real Wind Energy.

Ginagamit ng rehimen ang 1st IBPA upang tiyakin at supilin ang anumang pagtutol ng mamamayan sa proyektong ito. Tuluy-tuloy na nakararanas ng panghaharas ang mga residente mula Enero. Hanggang sa kasalukuyan, okupado ng 1st IB ang *barangay hall* ng Tagumpay at planong tumagal pa roon hanggang sa susunod na buwan. Nililimita rin ng mga sundalo ang pagkilos ng mamamayan na nakaaapekto sa kanilang paghahanapbuhay.

Nanawagan ang Apolonio Mendoza Command (AMC)-BHB Quezon na magkaisa ang mamamayan ng Real laban sa anti-mamamayang proyektong Real Wind Energy na kumakamkam sa kanilang mga lupain, higit na nagsasadlak sa kanila sa kahirapan at lumalabag sa kanilang mga karapatan. Ipinangako naman ng AMC na bibigun nito ang anumang pakana ng AFP at ng rehimeng US-Duterte para pinsalain ang mamamayan ng Real.

Samantala, walang puknat din ang inilulunsad na FMO ng 1st IBPA sa mga isla ng Polilio (Polilio Group of Islands) mula pa huling kwarto ng 2021. Habang hinahalihaw ang mga isla ng Polilio, Burdeos at Panukulan, tuluy-tuloy rin ang RCSPD na kinatatampukan ng mga kampanyang sapilitang pagpapasuko at pagkakalat ng *black propaganda* hinggil sa BHB sa mga komunidad ng magsasaka, mangingisda at katutubo. Lalupang tumindi ang pandarahas ng mga militar sa mamamayan ng isla matapos ang isang labanan sa pagitan ng isang yunit ng AMC-BHB Quezon at 1st IBPA noong Pebrero 21 na ikinasawi ng isang Pulang mandirigma at ikinasugat ng dalawang elemento ng militar. **K**

Ang Real Wind Energy ay isang renewable energy project na magtatayo ng 250 MW Wind Mill Power Plant. Sasaklawin ng itatayong 58 turbine generators ang aabot sa 5,670 ektarya ng walong barangay sa Real. Isa itong joint venture project ng Real Wind Energy Inc. sa Maraj Energy Development at Modern Energy Management Pte. Ltd.

Mga pag-aalsang bayan at ang pagpapabagsak sa diktadurang Marcos

Pinalala ng diktadurang Marcos ang krisis sa pulitika at ekonomya ng Pilipinas na nagtulak sa mamamayan para labanan ang diktadura at yakapin ang rebolusyon. Sa gitna ng pinatinding pasismo, hindi napahina kundi higit pang lumakas ang mga pakikibakang bayan para sa kalayaan at demokrasya. Naging matatag na gulugod ang konsistenteng kilusang pambansa-demokratiko na nabuo bago pa ang Martial Law sa pagkakatatag ng nagkakaisang hanay ng mamamayan mula sa iba't ibang uri at sektor ng bayan para ipanawagan ang pagpapabagsak kay Marcos at sa kanyang diktadura.

Bago pa ang pag-aalsang EDSA, umusbong na ang mga protestang bayan para kundenahin at labanan ang diktadurang Marcos sa pagkakasadlak sa Pilipinas sa labis na kahirapan. Hindi nasupil ng Martial Law at pasistang lagim ng diktadura ang nag-aalimpuyong galit at pagkamuhi ng taumbayan sa rehimeng Marcos sa lalong pagsadlak nito sa ekonomya ng bansa. Tumungo ang mga manggagawa, magsasaka at iba pang aping uri at sektor sa mga lansangan para ipaglaban ang kanilang karapatan sa lupa, sahod, trabaho at demokratikong mga karapatan.

Umigting ang girian sa hanay ng mga naghaharing uri matapos kumpiskahin ng mga Marcos ang mga negosyo ng mga karibal na burgesya at kinopo ang mga mayor na sektor ng ekonomya upang ipamahagi sa mga kroni nito. Naging laganap ang korapsyon na pinangunahan mismo

ng pamilya Marcos at mga kaalyado nito. Bumagsak ang mga negosyong pag-aari ng ilang burgesya komprador at panginoong maylupa na nagresulta sa lalong pagkakahiwalay ni Marcos at kanyang mga kroni.

Ang labis na pagkaganid ni Marcos sa kapangyarihan, kayamanan at lantarang pasistang panunupil ang higit na nagtulak para sa pagbubuo ng malawak na nagkakaisang hanay laban sa diktadura. Naging gulugod nito ang Nationalist Alliance for Justice, Freedom and Democracy (NAJFD) sa pagbubuo ng pagkakaisa ng mamamayan para itaguyod, ipagtanggol at isulong ang pambansang soberanya at iba pang demokratikong karapatan.

Mga pagkilos matapos ang asasinasyon kay Benigno "Ninoy" Aquino, Jr.

Sa gitna ng nag-aalimpuyong galit ng mamamayan laban sa



#NeverAgain

diktadura, nangamba ang paksyon ng mga Marcos sa pagbabalik ni Ninoy Aquino, ang itinuturing ni Marcos na karibal sa pulitika at noo'y naka-distyero sa US. Pinatay ng diktadurang Marcos si Aquino pagdating sa bansa noong Agosto 21, 1983. Lalong pinaypayan ng asasinasyon kay Aquino ang galit at disgusto ng mamamayan na nagresulta sa gahigante at di mapantayang mobilisasyon ng mamamayan mula 1983 hanggang sa pagbagsak ni Marcos. Nabuo ang Justice for Aquino, Justice for All na nanawagan sa pagbaba o pagpapatalsik kay Marcos at panunumbalik ng demokratikong karapatan ng mamamayan.

Lumahok ang anim na milyong Pilipino mula sa iba't ibang uri at sektor sa martsa libing ni Aquino noong Agosto 31, 1983. Higit kalahating milyon naman ang nagtipon sa Liwasang Bonifacio habang milyon-milyon ang nagsagawa ng hiwa-hiwalay na *noise barrage* sa iba't ibang bahagi ng Metro Manila noong Setyembre 21, 1983, anibersaryo ng deklarasyon ng Martial Law na itinakda ring National Day of Sorrow ng nakikibakang mamamayan.

Nagkaroon din ng mga welgang bayan mula 1983 hanggang 1986 kung saan inilunsad ang mga lakbayan, *teach-in*, rali, at mga *strike*. Tinapatan ito ng desperadong si Marcos ng mararahas na dispersal at pagpapalaganap ng mga kasinungalingan kagaya ng mga insidente ng pagpatay sa ibang lugar at itinuturong utak ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP)/



Bagong Hukbong Bayan (BHB). Naging palasak din ang *red-tagging* ng estado kung saan inaakusahan ang mga organisador ng pagkilos at lumalahok sa protesta bilang mga komunista.

Ang di mapigilang pagbulwak ng disgusto at galit ng mamamayan sa diktadura na lalong pinag-alab ng asasinasyon kay Aquino ang nagtulak sa imperyalismong US na udyukan si Marcos na magpatawag ng *snap presidential election* noong Pebrero 7, 1986. Mayor na magkatunggaling paksyon dito ang partido ni Marcos at ang oposisyong nasa likod ni Corazon Aquino, ang byuda ni Ninoy.

Nasa gulugod ng malakas na kilusang bayan laban sa diktadurang Marcos ang pambansa demokratikong mga pwersa sa buong bansa. Samantala, sa kanayunan ng bansa sa panahong ito ay papalakas at papalaki ang armadong pakikibaka sa pamamagitan ng BHB sa pamumuno ng PKP—na konsistenteng nagdadala ng pakikibaka laban sa pasistang diktadurang Marcos, laban sa imperyalismong US at katutubong pyudalismo.

Mga eleksyon sa panahon ni Marcos

Ang mga naunang eleksyon na isinagawa ni Marcos sa kanyang kapanahunan ay pawang moro-moro at instrumento lamang para basbasan at palawigin ang kanyang pasistang paghahari. Tiniyak niyang makakapaghari ang kanyang paksyon sa pamamagitan ng pandaraya at pagmamaniplula sa eleksyon habang kunwa'y binigyan ng partisipasyon ang konserbatibong oposisyon at mamamayan.

Walang kaparis si Marcos sa paggamit ng karahasan para sa kanyang mga pampulitikang ambisyon. Pinabomba niya ang *miting de avance* ng pangunahing kalabang partido, ang Partido Liberal noong Agosto 21, 1971. Katulad ng dati, isinisi niya ito sa PKP/BHB at sinuspinde ang pribilehiyo ng *writ of habeas corpus*.

Noong 1978, dinaya ng mga Marcos ang halalan sa Batasang Pambansa na nagresulta sa



pagtitipon ng 500 mula sa oposisyon para maglunsad ng isang *indignation rally*. Tinapatan ito ni Marcos ng marahas na dispersal. Resulta nito ang higit na pagkahiwalay ni Marcos at pagsuporta ng malawak na hanay ng mga panggitnang pwersa para pumanig at lumahok sa lumalakas na kilusang masang anti-pasista.

Resulta ng higit na pagkahiwalay ni Marcos, libong mamamayan ang lumahok sa kampanyang elektoral sa inilunsad na *snap presidential election* noong 1986. Pinakilos ng National Citizens Movement for Free Elections (Namfrel) ang mga ito para sa pagbabantay ng mga balota at bilangan ng mga boto. Napalahok dito ang mga panggitnang pwersa at naging aktibo sa lahat ng mga mayor na siyudad laluna sa Kamaynilaan. Ngunit labis ang pagkapit ni Marcos sa kapangyarihan at lantaran ang ginawa nitong pandaraya sa resulta ng eleksyon at inianunsyo ang kanyang pagkapanalo.

Noong Pebrero 9, 1986, 35 *computer programmers* ng COMELEC ang nag-*walk out* at naglantad ng pandaraya at manipulasyong ginawa ni Marcos sa nakalipas na eleksyon. Kagyat na nanawagan ang Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) ng isang pambansang kilusang welga na tinugunan ng malawak na hanay ng mamamayan. Naging matagumpay ang welga na isinagawa sa iba't ibang siyudad.

Noong Pebrero 16, 1986, nagpahayag naman si Gng. Aquino ng pagtutol sa pagkapanalo ni Marcos at nananawagan ng pagtitipon laban sa madayang eleksyon sa Luneta Park. Isang milyong lumahok sa pagtitipon. Bago ito, sinimulan ang kampanya ng pagboboykot sa mga tindahan at pagbawi ng mga pondo sa mga bangko na pag-aari ng mga kroni ni Marcos.

Nagkabitak-bitak nang husto ang rehimeng Marcos habang patagong iniatras ng US ang suporta nito sa kanya sa gitna ng lumalakas na kilusang protesta ng bayan. Noong Pebrero 22, 1986, inilunsad ng Reform the Armed Forces Movement (RAM) sa pamumuno nina Juan Ponce Enrile, Ministro ng Tanggulang Pambansa, at Heneral Fidel Ramos, pinuno ng Philippine Constabulary (PC) ang isang kudeta laban kay Marcos, palatandaang binibitiwan na ng US ang suporta nito kay Marcos.

Pagtalikod ng militar kay Marcos

Noong huling bahagi ng dekada '70, nagpoprotesta na ang mga upisyal ng AFP sa pagkakabara ng mga promosyon nila dahil sa paboritismo ni Marcos. Noong 1981, nagkaroon ng tunggalian sa pagitan ng paksyon ni Heneral Fabian Ver, pinuno ng Presidential Security Command, at Ramos. Sinuportahan si Ramos ni Enrile habang si Ver naman ang hinalal ni Marcos sa pinakamataas na posisyong militar.

Mula 1981, naglaban ang dalawang paksyon para makopo ang mga promosyon ng upisyal, lokal at dayuhang kontrata sa pamimili ng kagamitang militar, kontrata sa pribadong seguridad, pagkontrol sa *blackmarket* ng dolyar, ismagling, taktika't pagdedeploy ng mga tropa at iba pa. Nilikha ni Ver ang *regional unified command* na kumbinasyon ng iba't ibang serbisyo para pahinain ang awtoridad ni Ramos sa PC.

Noong 1983, nagreklamo ang mga upisyal at tauhan ng AFP sa natatamang mababang sweldo sa harap ng tumataas na implasyon. Nahirapang makalikom ang diktadurang Marcos ng pondo sa mga militar sa kabila ng paglalaan ng malaking bahagi nito sa pambansang badyet (15%).

Naging puwang ito sa pag-oorganisa sa hanay ng mga militar. Unti-unting namumulat ang mga naliliwanagang sundalo na hindi na maatim ang kalupitan at pasistang indoktrinasyon sa kanila ng estado. Marami sa kanila ang sumapi sa kilusang pambansa-demokratiko na kalauna'y itatatag bilang Lt. Crispin Tagamolila Movement, isang alyadong organisasyon ng NDFP sa hanay ng mga makabayang sundalong sumusuporta sa armadong pakikibakang inilulunsad ng BHB sa pamumuno ng PKP. Si Lt. Crispin Tagamolila ang isa sa mga makabayang sundalong tumalikod sa pasista't mersenaryong institusyon ng AFP, niyakap ang armadong pakikibaka at sumapi sa BHB. Bukod sa kanya, marami pang nagmula sa hanay ng militar ang lumahok sa BHB at gumampan ng mga susing papel sa mga reyd na inilunsad ng BHB sa kanilang mga baraks para makapagkumpiska ng armas.

Ang pag-aalsang EDSA

Humantong sa pag-aalsang EDSA noong Pebrero 1986 ang kulminasyon ng iba't ibang anyo at tipo ng paglaban ng sambayanang Pilipino sa pamumuno ng PKP laban sa diktadurang paghahari ni Marcos matapos ipailalim ang bansa sa Martial Law. Milyun-milyong mamamayan ang nagtipon sa EDSA na mula sa mga makabayan, progresibo at oposisyon. Aabot sa 20% ang mga anti-pasistang pwersa habang 80% ang mula sa ispontanyong masa. Pinawalang-saysay nito ang malalakas na armas at pwersang militar ni Marcos. Niyang nito ang diktadura ng estado hanggang sa mapilitan si Marcos na tumakas sa isang US *helicopter* palabas ng Malakanyang noong Pebrero 25, 1986.

Sa pag-aalsang ito, naging mapagpasya ang rebolusyonaryong kilusang masa para pabagsakin si Marcos. Ito ang pinakamatagal na kumilos para mapahina at mahiwalay ang pasistang diktadurang Marcos, laluna mula 1983-1986. Sa takot sa lumalakas na kilusang masa, pinagpasyahan ng US na bitawan na si Marcos at palitan ng bagong tuta nito sa Pilipinas.

Pinatunayan ng kasaysayan ang malaking papel ng mamamayan sa pagpapabagsak ng diktador. Dapat panghawakan ang mga aral sa pag-aalsang EDSA at gawing inspirasyon sa pagharap sa nagbabadyang diktadura ng kasalukuyang rehimeng Duterte. Magsilbing malakas na sandata ang pagkakaisa ng mamamayan upang pigilan ang patuloy na paghahari ni Duterte at panunumbalik ng mga Marcos sa kapangyarihan. ☒

KILOS PROTESTA



Protesta ng TK para igiit ang diskwalipikasyon ni BBM

Sumugod ang mga progresibong organisasyon sa Timog Katagalugan sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan Timog Katagalugan (BAYAN-TK) at Kontra Daya-ST sa harap ng Opisina ng Commission on Elections (COMELEC) noong Pebrero 2 upang ipanawagan sa ahensya na ilabas na ang desisyon kaugnay sa tatlong kaso ng diskwalipikasyong isinampa laban sa kandidatura ni Ferdinand “Bongbong” Marcos, Jr. (BBM) bilang presidente at tutulan ang pagbabalik ng Duterte-Marcos *tandem* sa pamahalaan.

Ayon sa BAYAN-TK, “Mariing nakikiisa ang mamamayan ng Timog Katagalugan sa panawagan na dapat ibasura ang kandidatura ni Marcos Jr. bilang pangulo dahil sa malinaw nitong paglabag sa batas at napatunayang nagkasala sa hindi pagbabayad ng buwis mula taong 1982-1985, kasabay ng panahon na siya ay nanungkulan bilang gobernador ng Ilocos Norte at habang ang kanyang amang diktador na si Ferdinand Marcos ay nanungkulan bilang pangulo.”

Sinuportahan ng BAYAN-TK ang mga pahayag ng bagong-retirong kumisyoner ng COMELEC na si Rowena Guezon na dapat idiskwalipika si BBM sa batayan ng *moral turpitude*



Ayon naman sa Kontra Daya-ST, “Dapat panindigan ng COMELEC ang konstitusyunal nitong papel upang tiyaking kwalipikado ang mga kandidato at malinis ang magaganap na halalan. Kung hindi, magkakasala ang COMELEC sa lalong pagharang sa demokrasya.”

Ang BAYAN-TK ay isa sa mga *convenor* ng Kontra Daya-ST, isang *watchdog* para sa malinis at malayang halalan. ☒

Mamamayan ng Myanmar, sinalubong ng protesta ang anibersaryo ng kudeta ng hunta

Naglunsad ng *silent strike* ang mamamayan ng Myanmar noong Pebrero 1 bilang pagprotesta sa isang taong anibersaryo ng pagkudeta ng Tatmadaw na nag-estabilisa sa huntang militar sa bansa at nagbagsak sa demokrasyang ilang taon nang tinatamasa ng mamamayan. Isinagawa ang protesta sa iba't ibang bahagi ng Myanmar.

Ipinanawagan ng mga aktibista na manatili ang mamamayan ng Myanmar sa loob ng kanilang tahanan mula alas-10 ng umaga hanggang alas-4 ng hapon. Sa pagtatapos ng *strike*, kinalampag nila ang kanilang mga kaldero na anyo ng protesta laban sa mga militar.

Lumaganap sa *social media* ang larawan ng mga kalsadang walang tao sa mga syudad ng Mandalay, Magway, Myitkyina at Yangon. Sa syudad ng Yangon, lumaganap sa *social media* ang mga larawan ng maliit na protesta kung saan nagsabog ang mga dumalo ng pulang pintura sa kalsada. Sa bayan naman ng Kyaukdataung, nagsunog ng sarili ang isang lalaki bilang protesta sa anibersaryo ng kudeta at kawalan ng suplay ng enerhiya sa kanilang lugar.

Nagbanta ang Tatmadaw na kakasuhan at mabibilanggo ng hanggang 20 taon ang sinumang lalahok sa protesta. May nauna nang dinakip na mga lokal na negosyanteng nagpahayag ng pagsasara ng kani-kanilang mga tindahan bilang pagtugon sa panawagan ng *silent strike*. Sa bayan ng Patheingyi, apat ang hinuli dahil sa “pang-uudyok” ng protesta.

Samantala, para tapatan ang mga *silent strike*, inilunsad ng gubyernong militar ang *pro-junta rally* sa Naypyidaw, ang kapitolyo ng Myanmar. Pinadalo rito ang libong mamamayan na naghahawak ng litrato ni Min Aung Hlaing, ang heneral na namuno sa kudeta at kasalukuyang humahawak ng kapangyarihan, at mga *banner* na may nakasulat ng paghahangad ng kaligtasan at mabuting kalusugan ni Hlaing.

May naganap ding pagsabog sa Tachileik kung saan mayroong prusisyon ng mga taga-suporta ng militar. Naiulat na dalawa ang namatay habang 30 ang sugatan. Isinisi ito ng huntang militar sa mga lokal na milisya at ginamit na sangkalan para magdeklara ng anim na buwang *state of emergency*. Ipinahayag ng gubyernong militar na gagamitin ang panahon ng *state of emergency* sa pagpoproseso ng ipinangako nitong eleksyon. Anila, magkakaroon ng eleksyon kapag naging “mapayapa at istable” na ang sitwasyon nang hindi nagbibigay ng petsa kung kailan ito ilulunsad.

Mula nang ilunsad ang kudeta at pinanumbalik ang huntang militar sa bansa, nagpatuloy ang mga kaguluhan sa Myanmar. Kabi-kabila ang mga protesta sa kalsada na malupit at marahas namang sinusupil ng pamumunong militar ng hunta. Ayon sa mga ulat, tinatayang aabot na sa 12,000 ang bilang ng mga



Kilos-protesta ng mamamayan ng Myanmar sa Mandalay noong Pebrero 1, 2022. Kuha ng Associated Press.

pinapaslang ng militar mula nang ipatupad ang huntang militar at *crackdown* sa mga nagpoprotesta. Ang kaguluhang ito ay tumungo na sa itinatuturing ngayong isang gera sibil matapos magtayo ng lokal na milisya ang mamamayan ng Myanmar, ang People's Defense Forces (PDF) bilang pantapat sa karahasang militar.

Sa kabila ng mga pakana ng huntang militar, patuloy ang paglulunsad ng protesta ng mamamayan ng Myanmar. Kagyat nilang ipinanawagan ang pagpapalaya at pagpapawalambisa sa mga kaso ni Aung San Suu Kyi, ang lider ng bansang pinatalsik ng kudeta, at iba pang mga bilanggong pulitikal. Nitong nakaraang Enero, dinagdagan ang hatol kay Aung San Suu Kyi, 76, ng anim na taong pagkakabilanggo. Hinatulan siyang maysala sa mga kasong paglabag sa *import-export law* ng Myanmar, batas sa telekomunikasyon at paglabag sa mga COVID-19 *health protocol* nitong Enero 10; at pang-uudyok sa publiko na mag-alsa at paglabag sa COVID-19 *health protocol* noong Disyembre 5, 2021.

Sinuportahan ng internasyunal na komunidad ang pakikibaka ng mamamayan ng Myanmar. Nagpataw ng panibagong pang-ekonomikong sangsyon ang US sa Myanmar sa anibersaryo ng kudeta. Naglabas din ng mga resolusyon ang Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) sa Myanmar kabilang ang hindi pag-imbata sa mga heneral ng Myanmar sa kanilang mga pulong kung ipagpapatuloy ang kaguluhan at hindi pahihintulutan ang pamamahala ng naturang organisasyon sa prosesong pangkapayapaan ng bansa.

✎



Mga magsasaka ng Lupang Kapdula, hinaras ng NTF-ELCAC

Sunud-sunod ang panghaharas at pang-aatake ng mga pulis at NTF-ELCAC sa mga magsasaka at residente ng Lupang Kapdula sa Brgy. Sampaloc 2, Dasmariñas Cavite. Nitong Pebrero 4, nagtangka itong pumasok at magtayo ng kampo ng NTF-ELCAC sa bungkalan ng mga magsasaka. Magiting naman itong hinarap ng mga magsasaka at binigo ang pakana ng NTF-ELCAC.

Paulit-ulit na ininteroga at hinaras ng mga pulis, na nagpakilala ring mga elemento ng NTF-ELCAC, ang mga kasapi ng Samahang Magsasaka ng Kapdula (SAMAKA) sa pagsisimula ng 2022. Kinasabwat ng NTF-ELCAC ang konsehal ng Dasmariñas na si Kiko Barzaga upang madulas na makapasok sa Lupang Kapdula. Noong Enero 20, pumasok mismo si Lt Col. Rommel Agpaoa, pinuno ng lokal na NTF-ELCAC, sa Lupang Kapdula para linlangin ang mga kasapi ng SAMAKA na tanggapin ang “tulong” na ibibigay nila habang kinukunan sila ng impormasyon. Dahil hindi tumugon ang mga magsasaka, isinalang sila sa paulit-ulit na interogasyon ng NTF-ELCAC.

Nitong Enero 24 naman, dumating ang dalawang gwardya sa loob ng Lupang Kapdula at nagpakilalang mga kasapi rin ng NTF-ELCAC. Ininteroga nila ang mga residente para hanapin ang mga “nagtatagong” myembro ng Katipunan ng mga Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan (KASAMA-TK) sa lugar. Tahasan ding ni-red-tag ng mga ito ang KASAMA-TK at binantaan ang mga residente na madadamay sila kung ipagpapatuloy ang pakikipag-ugnayan sa naturang organisasyon.

Kinundena ng Tanggol Magsasaka-TK ang serye ng panghaharas at pagbabanta ng NTF-ELCAC sa Lupang Kapdula. Nanawagan ito ng suporta sa iba’t ibang sektor para makiisa sa panawagang depensahan ang Lupang Kapdula laban sa pagtatayo ng kampo ng NTF-ELCAC at itigil ang red-tagging ng huli sa mga progresibo at ligal na samahan. ☒

Marahas na pagpapalayas sa mga residente ng Avatex sa Rizal

Marahas na pinalayas ng JVH Real Property and Leasing ang mga residente ng Sityo Avatex, Brgy. San Jose, Rodriguez, Rizal noong Pebrero 16, 9:30 ng umaga. Ginamit nito ang mga bayarang sekyuriti ng JMV Security Services para takutin at paulanan ng bala ang mamamayan. Isang residente ang malubhang nasugatan sa insidente.

Humingi ng tulong ang mga residente sa PNP-Rodriguez subalit hinayaan lamang ng mga pulis ang pamamaril ng *private security*. Kinundena ng mga residente ang pandarahas at ang kainutilan ng pulisya.

Aabot sa 148 ektaryang lupain ng Sityo Avatex ang inaangkin ng JVH Real Property and Leasing. Taong 2019 nang simulang okupahin ito ng mga residente. Biktima sila ng sapilitang pagpapalayas at hindi maayos na serbisyong pabahay ng reaksyunaryong guberno. Mula sila sa mga pabahay ng Batasan at Southville kung saan kinakaharap ang kaaba-abang kalagayan ng kawalan ng tubig at kuryente, mataas na singil sa upa at malayo sa eskwelahan, ospital at kanilang hanapbuhay.

Nanawagan ang mga residente ng hustisya sa mga biktima ng pamamaril at pananakot ng JMV Security at JVH Real Property and Leasing. Nagangailangan din sila ng tulong at suporta laban sa sapilitang pagpapalayas at pagtatanggol ng kanilang buhay at hanapbuhay. ☒

KULTURA

Mahal kong Kasama’t Anak.

Isang rebolusyonaryo, mapagpalang pagbati at mahigpit na yakap sayo!

Inaasahan kong sa kabila ng matinding krisis na pinagdadaanan mo ay nananatili kang matatag, hindi nagkakasakit at hindi napapabayaang ang kalusugan. Ganundin, patuloy ang masikhay na paggampan sa ating rebolusyunaryong gawain.

Natanggap ko ang sulat mo noong nakaraan. Anak, pasensya na kung ngayon lang ulit ako nakasulat sayo bagamat hindi mo pa natanggap ang iba kong sulat. Nasira na ang OTG USB ko kung saan naroon ang sulat ko sa inyo ni Papa mo.

Malungkot at nanghihinayang kaming hindi namin nasaksihan ang pinakamahalaga, pinakamasaya, makasaysayan at makabuluhang araw ng pag-iisang dibdib ng aming mga mahal na kasama’t anak. Hindi man namin nasaksihan, masaya at natutuwa kami dahil nagkaroon na ng katuparan ang inyong pag-iisang dibdib para harapin ang panibagong yugto ng inyong buhay. Kayo ang mahalagang bahagi ng pagsasakatuparan ng aming pangarap—ang abutin ang isang matatag, buo, masaya at rebolusyunaryong pamilya. Pero sobrang mabilis at maikli lang ang panahon. Dalawang linggo bago ko nalaman ang

masaklap at malungkot na pangyayari kay Odong. Mula na sa mga balita at parangal ng Partido at Hukbo. Maraming beses akong sumubok na kontakin ka, pero hindi kita makontak. Hindi narin ako nakakontak sayo sa takdang iskedyul natin matapos ang saglit nating pag-uusap. Nabulabog na kami ng kaaway na nasa malapit lang samin, kaya naobliga kaming lumipat ng pwesto.

Ilang panahon na ring wala si Odong, inaasahan kong unti-unti ka nang nakapangibabaw sa krisis na pinagdaraan mo. Alam kong walang katumbas na salita ang nararamdam mong bigat, kalungkutan, pangungulila at panghihinayang sa kanya. Lalo na't napakaikli pa lang ng panahon na inyong pinagsamahan. Sadyang mahirap ang praktikalidad ng buhay natin kahit alam natin ang realidad. Lalo na't mahal natin sa buhay ang nawala. Hindi ka nag-iisa sa marami ninyong pangarap. Lahat tayo ay nawalan ng isang malambing, maalalahanin, mapagbiro, mabait, mapagmahal na kapamilya, ng isang matatag, mahusay, mapangahas, matapang at determinadong kumander. Alam mo kung gaano siya kalapit sa amin, kung gaano namin siya hinangaan, minahal bilang mahusay at huwarang kasama't anak. Tulad ninyo, marami rin kaming inaasahan ni Papa mo. Ang gabayan at makita kayong nagpapanday, nagpapakahusay, naghuhubog, nagpapakatatag at umuunlad sa pagbubuo at pagtatayo ng isang masayang rebolusyonaryong pamilya sa gitna ng buhay na puno ng kahirapan, mga sakripisyo pero masikhay na paglilingkod alalang-alang sa ating rebolusyonaryong adhikain.

Pangarap din namin ni Odong na magkasamang muli at humawak ng anihilatibong TO upang parusahan ang kaaway at sumulong sa armadong pakikibaka pero hindi na ito nangyari. Napalipat na ako at iyon na pala ang huli naming pagsasama. Sayang, may mungkahi pa naman akong magsama-sama tayo nila Papa mo, ikaw at si Odong sa isang opensiba para maging bahagi ng aktibidad natin bilang magkakapamilya habang tumutupad ng tungkulin. Sayang at wala na siya. Pero kaya at kakayanin natin ito. Siya ang ating dakila at gintong inspirasyon para determinado nating kayanin, harapin at ipagpatuloy ang kanyang nasimulan. Kaya mo yan 'nak. Dito lang kami ni Papa mo, karamay at kasama mo kami sa iyong pinagdaraan. Hindi man tayo magkapiling, nandyan din ang mga kasamang handang tumulong sayo. Maging bukas, matapat at makinig ka sa kanila. Malaki ang maitutulong nila sayo para maka-move on. Alam kong hindi ka nila pababayaan.

'Nak, malapit na ang birthday ninyo ni Totoy. Alam kong ito ang pinakamalungkot mong birthday pero inaasahan kong ito na rin ang tamang panahon para unti-unti mong tanggapin ang realidad. Hindi gugustuhin ni Odong na lagi kang umiiyak at nalulungkot. Mananatili naman siyang buhay sa ating alaala. Ang mahalaga, baon niya at naipadama natin sa kanya ang ating di matatawarang pagmamahal, pagpapahalaga at tiwala. Magpakatatag ka anak. Ang wish ko manumbalik na ang sigla mo, manatiling malusog at makaroon ng maraming maraming kaarawan para makabawi at magpatuloy sa mahabang panahong paglilingkod sa sambayanan! Higit ngayong may dahilan tayo para maging buo at malakas ang loob. Si Odong ang magsisilbing bukal ng ating determinasyon, kapangahasan, tatag at tapang na may gulang sa pagharap sa kaaway. I love you 'nak. Miss na miss ka na namin ni Papa mo.

Nga pala 'nak, 'pag kumontak ka sa mga bata, ibati mo na lang ako sa kanila ha? Ipaunawa mo na rin ang kalagayan ko kaya hindi ko pa sila makakausap.

Sa bahagi namin ni Papa mo, matagal na kaming hindi magkasama at hindi nagkikita. Madalang ding magkakontakan. Syempre nalulungkot at nag-aalala kami sa ganyan mong kalagayan lalo't hindi mo kami kasama. Pero tiwala naman kaming kaya mo yan tulad ng sinabi mo. Sulatan mo na lang ako.

Pa'no 'nak ito na lang muna. Sa susunod na lang ulit. Kumusta na lang dyan. Mag-iingat ka/kayo palagi. Magpakatatag at sumulong. Mahal na mahal ka namin ni Papa.



Sa tagumpay,

Ka Dani/Mama